AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**

**Aralin 15**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ngumiti si Andoy" na isinulat ni Xi Zuq****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 15** |
|---|
| Book Title: Ngumiti si Andoy |
| Author: Xi Zuq |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw! ☀️☀️ Nandito muli si Teach ______! Sa araw na ito, magbabasa tayo ng isa na namang bagong libro, ito ang 📚Ngumiti Si Andoy 📚 ni Xi Zuq.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Huwag nating kakalimutan!

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Himagsikan** - rebelyon

(2) **Nangangatog** - nanginginig
(3) **Dipa** - dalawang yarda
(4) **Tenyente mayor -** alkalde, o tawag o ranggo ng isang opisyal sa munisipyo
(5) **Mandatoryo** - sales agent o isang propesyunal na nagtitinda ng mga produkto

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚 ANG PAMBIHIRANG SUMBRERO NI JOSE MIGUEL TEJIDO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Ngumiti si Andoy. 🙂
•Ito ang wakas ng aking kwento na nagsimula sa munting Heroes Park namin sa paaralan🏫.

•Habang naghihintay ng sundo, binisita ko ang mga estatwa ng bayani. May proyekto kasi kaming gumawa ng poster tungkol sa mga bayani ng Himagsikan.✊✊
•Dinala ko ang mga postkard na binili ni Nanay👩. Bitbit ko rin ang drawing pad 📄 ko para iguhit ✏ang mga estatwa.

•Una kong iginuhit si Andres Bonifacio, ang Ama ng Himagsikan✊. Matapang at matikas niyang itinuturo ang kanyang bolo sa mga kaaway.

•Habang nagbubura ako ng mga maling linya, may napansin akong gumalaw! 😮
Nakaupo na si Andres Bonifacio! Hinablot pa nito ang postkard ko!
•"Ginoong Andres Bonifacio," nangangatog kong sabi, 😨 "ibalik ni'yo po ang postkard ko."

•Hindi siya sumagot. Binabasa niya ang postkard na may mukha niya.
•"Ama ng Himagsikan," kumunot ang noo ni Andres. 🤨
•"Opo, bayani po kayo," sabi ko sabay lunok ng laway. "Pakibalik na po ang postkard ko."😨
•Hindi siya sumagot. Binasa pa niya ang nakasulat sa likod ng postkard.

•"Ay! Kung gusto po ninyo, sa inyo na lang po 'yan. Magpapabili na lang po ulit ako."
•Dahan-dahan akong tumalikod para lumakad 🚶‍♂ nang biglang kinalabit niya ako. Sumenyas siyang lumapit ako sa kaniya.
•"Lalapit po ako pero ibaba po muna ninyo ang bolo."
•At ibinaba nga niya ang bolo. Umupo ako nang may isang dipang layo mula sa kanya.

•"Maraming kulang  sa postkard mo," sabi ni Andres Bonifacio sa malakas na tinig.
•"Tulad ng ano po?" tanong ko sa maliit kong boses.
•"Na puwede mo kong tawaging Andoy. Na mas madalas ako humawak ng baril 🔫 kaysa itak🗡. Na di lang mga Espanyol ang naging kaaway ko. Na walang kapantay

ang pagmamahal 💑 ko kay Oriang."
•At doon nagsimula ang mahaba niyang kwento tungkol sa buhay niya.

•"Noong bata 👦 pa ako, lagi akong nakikipaglaro sa aking mga kapatid-sina Ciriaco, Procopio, Troadio, Espiridiona, at Maxima. Lagi naming inaaabangan ang pag-uwi ni Nanay 👩 mula sa paggawaan ng sigarilyo🚬. Madalas naman, pinapanood ko kung paano manahi 🧵 si Tatay👨. Naisip ko dati na maging mananahi tulad niya. Ngunit ginusto ko ring maging tenyente mayor tulad niya dahil kilala siya sa aming bayan!"
•"Hay!" Bumagsak ang mga balikat ni Andoy.

•At alam ko ang dahilan ng kaniyang lungkot ☹. Nakalagay sa postkard na bata 👦 pa siya nang mamatay ang mga magulang 👨👩 niya.
•Kailangan niyang magtrabaho para sa kaniyang mga kapatid. Nagbenta siya ng mga tungkod at pamaypay. Naging mandatoryo, koredor, at bodegero pa siya ng isang kompanya. At naging artista 🎭 pa!

•"Natapos ang mga karaniwang araw nang lumaban ako sa Himagsikan✊✊. Maraming beses na pinanghinaan ako ng loob sa aking buhay. Marami pa akong naging kaaway. Gusto ko lang naman ang isang maginhawa at malayang bansa. Isang bansang may kabutihan ng loob at pagmamahalan❤."
•"At lagi kong inaaalala ang aking mga kapatid at ang aking asawa."
•"Hay!" Bumagsak muli ang mga balikat ni Andoy.

•"Alam ko na! Iguguhit ✏ ko na lang po ang kapatid at asawa ninyo. Magaling po akong gumuhit. Nagpapaguhit yata sa akin ang mga kaklase ko."
•"Sige, ilalarawan ko ang mga itsura nila at iguhit mo riyan sa papel mo."
•Iginuhit ko si Gregoria de Jesus. Iginuhit ko rin ang mga kapatid niya - sina Ciriaco at Procopio.
•"Ay, hindi ganiyan🙅‍♂," ang laging sabi ni Andoy kapag hindi ko naiguhit nang tama ang ilong o mata o buhok ng kaniyang mga kapatid o ni Oriang.

•Nang natapos na, ibinigay ko ang tatlong iginuhit kong larawan.
•"Salamat...?"
•"Andrew po."
•"Salamat, Andrew!" Ngumiti si Andoy. 🙂
•"Andrew!" Tinawag na ako ng sundo ko.
•Nagpaalam 👋 ako kay Andoy at ipinangakong ✋ dadalawin ko ulit siya bukas.

•Hindi na gumalaw ni Andoy nang bumalik ako kinabukasan. Kahit anong gawin kong pagkiliti sa kaniya o anuman, hindi na siya gumalaw.
•Marami pa sana akong tatanong sa kaniya: Ano ang itsura ng anak niya? Sumigaw ba talaga siya habang may pinupunit na sedula? Ano ang paborito niyang pagkain, laruan, at iba pa?
•Ngunit  sigurado akong masaya na si Andoy. May ngiti na sa kaniyang labi 🙂 habang magiting at mapayapang nakatayo.
•Hindi ko alam kung saan napunta ang mga iginuhit ko para sa kaniya. Marahil ay itinago ni Andoy.

--
Bigyan mo naman ang sarili mo ng isang malaking GOOD JOB!

**V. Gawain ✏**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎Ang kwento ay nagsimula sa wakas, natatandaan mo ba kung saang lugar ito nagsimula?

🔎 Kailangan ni Andrew na gumuhit ng mga bayani para sa kanyang proyekto, sino ang kanyang unang iginuhit✏?

🔎 Marami daw tayong hindi nasulat tungkol kay Andres Bonifacio, ano ang palayaw o nickname na maaari rin nating gamitin upang tawagin siya?

🔎 Sa bandang huli, anong bagay ang nakapagpa-ngiti 🙂 kay Andoy?

**VI. Pagnilayan 🙏🏽**
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan 🤔🤔ang tanong na ito:

Kung mayroon mang mailiit na bagay ang makapagpapasaya sa iyo ano ito?

Sa mga ganitong panahon, ang paghahanap ng maliliit na bagay na maaaring makapagpasaya 🙂 ay mahalaga. Ito man ay ang pag-awit kahit medyo sintunado 🎶, pag-sayaw ng wala sa tamang ritmo 💃, o ang simpleng paglalaro ng mga laruang 🧸 gusto mo ay mga simpleng paraan upang makakuha ng kasiyahan sa panahong ito. Tandaang ang ating ngiti'y 😊 maaaring maging lakas 💪 para sa taong nakapaligid sa atin, kaya't ugaliing makahanap ng rason upang sumaya o makangiti.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain ✏**
🔎Ang kwento ay nagsimula  sa isang Heroes Park na malapit sa paaralan 🏫 ni Andrew. Nakapunta ka na ba sa isang heroes park na may estatwa o bantayog ng mga bayani?

🔎Si Andres Bonifacio na Ama ng Himagsikan ✊ ang kanyang unang ginuhit. Kung ikaw si Andrew sino ang uunahin mong iguhit?

🔎Hindi daw alam ng marami na maaari siyang tawaging Andoy.

🔎Ito ang mga drawing ni Andrew ng mga taong minamahal ni Andoy.

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.